

1

“Isa lang naman ang gusto ni Rook, eh. Gusto ka niyang ma-guilty. Pa’no kasi, binasted mo siya at sinabihan mo pang bobo! Siyempre naging brokenhearted si Manong last year at ngayon, baka gusto niyang ipakita sa ’yo na may ibubuga naman siya. In fairness, nakakaloka. Para bang bombang iniitsa niya sa hangin ang revelation niya sa ’yo last week.” Napatigil sa pagtalak si Sophie na para bang nakakita ng multo. Napanguso ito. “Sash, psst! Mamaya na ulit! Papunta dito si Rook!”

Ugh! Ano na namang pang-aamok ang ihahatid ng nilalang na ito?

Agad-agad na isinuot ni Sasha ang shades niya. Kahit pa humihigop ng *Coke* sa straw ay wala siyang nagawa kundi ang ibalik ang madilim na salamin sa mata para ipantakip sa kalahati ng mukha. Kung bakit kasi tinubuan pa siya ng chickenpox ngayong senior year nila ng high school.

Tulad ng inasahan, pumuwesto si Rook sa gitna ng lamesa nila. Nasa gilid nito ang tatlong katropa sa bandang kasapi ito na pinangalanang *Blue*. ‘Blue Idiots’ ang tawag ni Sasha sa banda. Nadamay na ang tatlo sa pagngingitngit niya kay Rook. Wala siyang pakialam kung ito pang apat ang grupong pinakasikat na yata sa eskuwelahan at tinitilian ng mga dalagita tuwing school gigs nila.

The Jilted Drummer - Autumn Castillo

Matapos niyang um-absent ay bali-balita na sa silid nila ang milagrong naganap daw kay Rook. Ang talino naman pala nito! Totoo? Sure? Weh?

Si Rook ang pangalawa sa pinakamatangkad sa apat, ikalawa sa band leader na si Eustace. Katamtaman ang shade ng pagka-moreno ang kulay nito, jet-black ang buhok at nakahati sa left side, medyo tousled. Makakapal ang kilay nito at malinaw ang brownish na mga mata. Rook had this charismatic confidence, na bumu-border nga lamang sa dibisyon ng kayabangan. Ayon sa scale ng kababaihan ay maituturing naman itong guwapo. Kuno. Nakakabulag na pala sa halip na nakakabingi ang tambol ng drums ni Rook!

Iniangat ni Sasha ang mukha, naghintay siya ng sasabihin ng unggoy.

“Sasha, alam mong absent ka ng three weeks dahil sa chickenpox.” Hindi niya alam kung matatawa sa statement na iyon ng lalaki. “You’ve missed out a lot, notes and stuff. I hope you could do well, darating pa naman ang first exams. Magpagaling ka muna at huwag mong i-stress masyado ang sarili mo. You could still run after me in the mid and pre-final exams.”

Kahit naka-shades ay tinaasan niya ito ng kilay. May iilang scars pa ng chickenpox ang nakamarka sa kanya, pinurtirya pa ang gilid malapit sa cheeks niya. Nakakahiya! Hindi naman sa kailangan niyang magpaganda sa paningin ng Rook na ito, pero may reputasyon kasi siyang pinangangalagaan at may crush

siyang pinagtataguan. Si Culbert. Buti absent ito ngayong araw sa pagbabalik niya sa klase.

Bukod sa kilala siyang pinakamatalino sa buong eskuwelahan ay si Sasha rin ang isa sa mga pinaka-flawless. May lahi siyang Chinese at pinaiinom din siya ng mama niya ng kung anong mga collagen drinks at beauty vitamins. Pinapagamit din siya ng sabon kung saan dealer ang ginang.

Noong summer nga ay iniraos na ng mama niya ang kinikimkim na inggit sa kapitbahay nila, insert ang mga 'Ballesteros' na pamilya ni Rook. Pinilit ng kanyang ina ang papa niyang pakabit ng air-con kahit sa kuwarto man lang daw niya. Ikinatuwa niya iyon dahil matagal na niyang pangarap. Tatal daw ay ga-graduate naman siyang valedictorian ay advance gift na iyon.

Precious daughter siya ng kanyang Mommy Sabel at lagi siyang ipinagmamalaki, mapapalengke man at kung saan ito makaabot sa pagbebenta ng products nito. Kumbaga, ayaw siyang malamangan, lalong-lalo na siguro nitong si Rook. Nang isumbong niya sa ina na siya ay pinopormahan ng lalaki noong nakaraang taon, kaagad siyang binilhan nito ng kung anong anting-anting na ikinuwintas niya, para raw hindi siya matablan ng gayuma.

“Mama, kindi ko kelangan ito, hindi ko naman crush si Rook. Hinding-hindi, alam mo ’yun,” pahayag ni Sasha. *“At kahit taon-taon pa siyang manligaw, taon-taon rin siyang basted! Hindi ko nga alam kung ano’ng nakain ng lalaking ’yun at pinadalhan ako*

ng love letter ngayong araw.”

“Ah, basta!” sundot ng kanyang ina. “Isuot mo na nga ’to, mabuti nang laging handa. Ang puso mo ang matindi mong kalaban, at narinig kong ang batang iyan ay sadyang palikero at habulin. Naku, kahit guwapo siya ay huwag kang papaapekto!” Napanganga siya sa tinuran nito, pero hindi na siya nakagalaw nang isabit ng ginang ang kung anong gawa sa maliliit na beads sa leeg niya. *“May bendisyon at potion na raw ’yan ayon sa taong kinonsulta ko. Effective daw talaga ’yan!”*

Pero isang araw nga ay hindi na niya ginamit ang nakakalokang kuwintas-kuwintasan na iyon. Isang araw, nang hindi na niya matiis ang palipad-hangin, panunundot, love letters, kumpol ng bulaklak, serenades, chocolates, matatamis na nakakatayo ng balahibong mga pick-up lines, paghihintay sa tarangkahan ng gate ng pagdating niya at pag-alis sa school, love quotes texts at attempted phone calls kahit magkapitbahay lang sila... ayun, tahasan niyang binasted ang kaklase sa harap ng lahat ng estudyante at faculty sa mismong school grounds sa flag ceremony nang iproklama siyang landslide winner sa pagiging president ng Student Council.

Kalaban ni Sasha si Culbert noon na crush din niya. Habang in-echo nga ng sound system nila ang mga panukala at goals niya sa susunod na administrasyon ng eskuwelahan na pamamamahalaan niya, bigla na lang narinig ni Sasha mula sa mga linya ng estudyante ng lahat ng level ang isang pitch ng

The Jilted Drummer - Autumn Castillo

bores na tuluyang naging dahilan sa pagsuko ng pasensya niya...

"I love you, Sasha Manlapaz! I love you!" sigaw ng isang kumag. *"Yoohoo!"* Tinapatan ang sound system ng sigaw. Tawanan. Hiyawan.

Hindi na niya napigil ang renda ng pasensya niya lalo na nang...

"Kiss! Kiss!" hiyawan ng mga walang magawa. Siyempre speechless siya at first. Like a gracious new Student Council president ay hindi niya ininda ang sigaw na iyon, hindi rin siya nakimi at tumawa. Nagpatuloy lamang siya sa pagsasalita tungkol sa mga nais gawin hanggang sa ma-realize niyang wala nang nakikinig sa kanya.

This shouldn't be happening! pagngingitngit niya.

"Sagutin mo na si Rook na iniilog ka!" hiyaw ng isa na alam niyang bores ni Basti, pinakamakulit sa banda ng *Blue. Blue Idiots*, para kay Sasha.

"Hindi ko sasagutin si Rook Ballesteros!" anunsyo niya sa microphone na ikinagitla at ikinatahimik ng lahat. *"Para sa kaalaman po ng buong faculty at lupon ng estudyante sa eskuwelahang ito... ako, si Sasha Manlapaz, ay opisyal na binabasted si Rook Ballesteros sa lahat ng uri at anyo ng panliligaw at palipad-hangin niyo sa akin.*

"Ako po ay tututok at sisiguraduhing nakatuon ang atensyon

The Jilted Drummer - Autumn Castillo

ko sa pagpapalago at pagpapabuti ng ating pinakamamahal na alma mater sa kinabukasan. Wala ako sa posisyon na pagtuunan pa ng pansin ang isang taong siguro matatawag na nating bobo, because he can't even understand a two-letter word called NO!"

Speechless ang lahat.

Three weeks ago matapos ng unang linggo ng senior year, nasa hot seat si Rook. Absent sina Sasha at Culbert. Secretary siya ng klase. Ewan at kung bakit noong unang araw ng pasukan ay ginawa siyang class secretary ng section nila. Promoted, wika nga.

Komportable siya sa posisyon niya bilang Prince Charming simula first year, spot na unang tinanggihan ng mga kaibigan niyang sina Eustace, Lee at Basti. Ayaw raw maging 'tagabitbit' ng mga ito. Wala naman talaga siyang responsibilidad sa posisyon niya maliban sa bitbitin ang banner ng section nila tuwing intramurals at school parade.

Tamad din ang mga kaklaseng palitan ang slate bawat taon, kaya tatlong taon siyang nagpabalik-balik sa puwesto. Noong second year ay nagkaroon sila ng transferee sa katauhan ni Culbert, ang half-German, half-Pinoy nilang bagong kaklase.

Noon din ay muntik nang mabawi ang puwesto sa kanya. Buti na lang at sa pagpapakilala ay nosebleed na silang lahat kay

The Jilted Drummer - Autumn Castillo

Culbert, kaya binotong vice-president kaagad ang transferee. Kaagad pang ginawang better half sa love team kuno nito kay Sasha.

May pageant nga last year, Mr. Intrams yata iyon. Pero nalaman ng teacher nilang may question and answer portion pala, kaya si Culbert kaagad ang hinagilap. Understood na naman ng lahat iyon, complete package kasi ang kakompetensya. VP na at puwede pang Prince Charming.

“Bakit mo niligawan si Sasha last year, Rook? Talaga bang na-in love ka?” tanong na hamon ni Sophie, ang best friend ni Sasha. Ginigisa siya nito, may order siguro mula sa matinik na presidente.

Nasaan ba kasi ang president at vice-president?

Alam niyang may chickenpox si Sasha, ayon na rin sa pagpapakalat ng impormasyon ni Sophie, pero hindi niya alam kung nasaaan si Culbert. Hindi naman kaya binisita si Sasha? Aba, wapakels na siya roon.

Nagkaroon sila ng emergency meeting sa lilim ng puno ng mangga kung saan sila madalas mag-jam ng *Blue*, at wala siyang choice kundi ang mag-preside. Dini-discuss nila kung ano ang gagawin sa surprise gift nila bukas para sa birthday ng bagong adviser nila ngayong si Miss Pamela. Napagdesisyunan ang ube roll, ayon sa naimbestigahang flavor choice ng teacher nila. Nangongolekta na ngayon ang treasurer ng tig-cinco habang

ginigisa siya ng mga kamag-aral na naka-squat sa damuhan.

Alam niyang binoto siya ng mga tinamaan ng magaling sa ipangatlong puwesto para gawan ng love triangle ang eksena nilang tatlo. Ayos! Ang saya-saya ng mga ito pagkatapos ng votation.

“Hindi na-in love si Rook, okay?” salo naman ng isa, si Deborah, ang number one masugid niyang defender. Matagal na rin yata itong may gusto sa kanya. “If I know, niligawan lang niya si Sasha dahil napilitan siya. Hindi kelangang ipahiya ni Sasha ang ninuman sa harap ng campus. Oo, maganda, matalino at leader ng campus nga siya, pero wala siyang karapatang apak-apakan si Rook na drummer ng *Blue!*” ismid nito.

“Uy, excuse me. Hindi gan’un ang best friend ko, Deborah,” singit ni Sophie.

Mukhang hindi pa tapos ang pangongolekta ng pera para sa ube roll ay may magpaparolyo-rolyo na sa talahiban malapit sa manggang iyon.

Tiningnan siya ng babae saka nagpatuloy, “Rook, kilala mo naman si Sasha, hindi ba? Ayaw talaga niya sa ’yo. Bakit mo ba kasi ipinilit ang sarili mo sa kanya? ’Tapos naubos na lang talaga ang pasensya niya sa ’yo. Hindi niya naman siguro kasalanan kung basted ka, hindi ba?” suwabeng dagdag ni Sophie na medyo may halong pang-iirita.

Napasipol ang klase.

The Jilted Drummer - Autumn Castillo

Gusto nang sumabog ng eardrums ni Rook. Kanina lang ay maayos naman niyang pinamahalaan ang meeting at diskusyon ng buong klase, pati ang votation para sa gift.

Nakakawala na ng ego ang pag-replay na para bang sirang plaka ang kahihiyang ipinatikim sa kanya ni Sasha. Gusto niyang sumigaw ng: *Tama na! Hindi pa ba sapat sa inyo na gusto kong takpan ng sako ang ulo ko noong first day ng senior year?!*

“Actually, niligawan lang ni Rook si Sasha dahil sa isang dare!” magiting na anunsyo ni Basti mula sa likuran.

“Oo, at bilang mga kaibigan ni Rook ay kinikimkim lang naming lahat ng nalalaman namin. Pero ang pagtawanan n’yo siya, hindi na namin matiis. Hindi na tama! Hindi talaga niya gusto si Sasha. Pa’no siya magkakagusto sa babaeng ’yun, eh, ang sagwa ng ugali n’un na akala mo kung sino!” back-up ni Eustace na tumayo. “Actually, dala lang ng pustahan kaya niligawan ni Rook si Sasha!”

Napatigil ang lahat. Pero klarong-klaro ang pagkasira ng mukha ni Sophie. Si Eustace na mismo ang nagsalita, at kilalang mapagkakatiwalaan at mabait ito.

“How dare you, Rook! Anong pusta? Pinagpustahan n’yo si Sasha? Oh, my God! You deserved to be basted nga! I’ll tell her!” Ngiwing-ngiwi ang mukha ng babae

Hindi na napigil ni Rook ang emosyon.

The Jilted Drummer - Autumn Castillo

“Hindi ko ikinahihiyang niligawan ko si Sasha kahit mali. Oo, inaamin ko dahil sa pustahan, at sinasabi ko ito hindi para iligtas ang pride ko! Totoong dahil lang sa pustahan. Wala nang ibang dahilan.

“Bakit ko sinasabi ito ngayon lang?! Para malaman ng lahat ang totoo. Wala naman akong pinagkakaabalahan, kaya naisipan kong pagdiskitahan siya. Siguro naman siya pa nga ang masuwerte. Bakit? May nanliligaw ba sa kanya? Kung hindi ko siya niligawan, baka sa buong high school history niya ay maalala niyang walang nanligaw sa kanya. Kung ganoon, siya dapat ang magpasalamat sa 'kin. Hindi ba?”

Napasipol ang mga lalaki sa klase at napangiting bigla si Deborah. Napamaang naman ang ilang babae.

“Hindi ko siya gusto. Magkapitbahay kami at alam ko ang ugali niya. Masyadong mataas ang tingin ni Sasha sa sarili niya, hindi ko type ang mga ganoon.”

Napatango-tango si Rook matapos maihayag ang saloobin. Nagtinginan silang apat na magkakaibigan.

“I'm sorry, pero iyon ang totoo. Hindi na 'ko magsasalita pa,” pagtatapos niya. Inianunsyo niyang ‘adjourned’ na ang meeting.

Pinanood ni Sasha ang paglayo ni Rook mula sa mesa nila ni Sophie. May kakaiba na talaga sa kanyang kaklase, mas yumabang

The Jilted Drummer - Autumn Castillo

lang yata. Naku! Talaga ang kapal! Kanina nga bago ang recess ay nakukumpirma na niya ang tsismis na tumalino ito. Kanina kasi sa English subject nila noong nagbabasa sila ng poem ni Robert Frost na pinamagatang *The Road Less Traveled* ay tinanong sila ng guro kung ano raw ang ibig ipangahulugan ng tulang iyon, lalong-lalo na ang huling linya.

Sa pagkamangha niya, itinaas ni Rook ang kamay. Makahulugan at malalim na ipinaliwanag ng kaklase ang sa tingin nito ay mensahe ng tula.

“Minsan, may mga tulay o daraanan na kakaiba sa isa; mas makipot, mas maputik o di kaya’y may talahib at puno ng nakatagong panganib. But sometimes, some people will choose less traveled roads, not because they just wanted to be unique. They chose that path because they know they would be happier.

“Tulad rin ng buhay, minsan lumalandas tayo sa mas mahihirap, o mas nakakalungkot na daan kahit tayo lang mag-isa ang lumalakbay doon. Pero sa huli, iyon ang mga tulay na magdadala sa atin sa gusto nating destinasyon sa puso natin,” mahabang sagot nito.

Everyone in the room fell silent, Sasha couldn’t even budge. In fairness, gusto niyang ma-impress sa sagot nito. Pero bigla na lamang siyang nag-raise ng reklamo sa guro nila. Hindi kasi Ingles ang pagpapaliwanag ni Rook samantalang English class nila iyon. Nagtawanan ang lahat nang ma-realize ang puna niya. Nag-ring ang recess bell.

Muli niyang tinapik si Sophie.

“Ipagpatuloy mo na ang tsika mo.” Muli siyang sumipsip sa straw upang uminom ng *Coke*. “Ano ’yung sinasabi mong malaking bombang pinasabog niya sa inyo last week n’ung absent ako?”

Kumibot ang mga labi ni Sophie, mukhang nagdadalawang-isip. Napalingon ito kay Rook, pagkatapos sa kanya naman. “Sure kang gusto mong malaman?”

“Of course! Sophie, kilala mo ako. I’m a cool person. I can handle anything, at lalo na’t mula kay Rook ang issue na iyan. Maybe I’ll just laugh it off.”

At sa huli, ikinuwento sa kanya ng kausap ang buong detalye, walang mintis at recorded nito ang bawat salita ni Rook.

“Niligawan ka lang ni Rook dahil sa pustahan. Hindi ka niya type at ikaw pa dapat ang magpasalamat!”

Para ngang may bombang sumabog na lumindol sa utak niya.